# Balitang Manmin

BILANG 72 OKTUBRE 21, 2012

# Umapaw ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Israel – Sa Pangalan ng Panginoon!

## Ginunita ang Krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Israel Noong 2009 sa Kumperensyang may Paksang "Faith"








Ang Kumperensyang "Faith," ikatlong paggunita ng Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee noong 2009, ay dinaluhan ng may dalawang libong tao mula sa labing-apat na bansa. Sabay-sabay nilang pinapurihan ang Panginoon at niluwalhati ang Diyos dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. ■ 1. Pastora Soojin Lee – Tagapagsalita. ■ 2. Kumperensyang "Faith" ■ 3. Pagtatanghal ng Power Worship Dance Team at ni Diakonesa Yunhee Song ■ 4. Ang mga dumalo habang nakikinig ng mensahe ■ 5. Mga nagpatotoo sa paggaling nila ■ 6. Nakatawag ng pansin ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee

Noong Setyembre 6 at 7, 2009, idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang Krusada ng Pagkakaisa sa ICC (International Convention Center), Jerusalem, Israel sa pamamahala ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel). Pagkatapos ipahayag ni Dr. Lee sa kanyang mensahe na si Jesus ang ating Tanging Tagapagligtas, nagpakita siya ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Ang krusadang ito ay nai-brodkast sa humigit-kumulang 220 bansa.

Para gunitain ang krusada, nagdadaos ang Crystal Forum ng kumperensya taun-taon. Noong Setyembre 15, 2012, isinagawa ang ikatlong kumperensya sa Haifa ICC sa Israel sa paksang "Faith" (Pananampalataya) na pinangunahan ni Pastora Soojin Lee (Pangulo ng samahan ng mga pastor, Manmin Central Church). Dinaluhan ito ng mahigit sa dalawang libong tao mula sa labing-apat na bansa tulad ng Israel, Estados Unidos, Russia, France, Germany, Finland, Côte d'Ivoire, China, Georgia, at ng Estado ng Palestine. Kasama din dito ang mga Orthodox Jews (mga Judio na sumusunod sa tradisyon at paniniwala ng matatanda), mga nakaligtas sa Holocaust (pagpapahirap at pagkitil ng Nazi sa mahigit anim na milyong Judio noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig), at Messianic Jews (mga Judio na naniniwala na si Jesus ang Mesyas oTagapagligtas).

Sumayaw at umawit ng mga papuri sa wikang Hebreo, Ruso, at Lingala ang Power Dance Team at si Diakonesa Yunhee Song, na mga miyembro ng komite ng pagtatanghal ng Manmin. Napuno ng pagpapala at emosyon ang mga manonood. Naghatid ng pagbati si Ms. Lia Shemtov, tagapagsalita ng Knesset ng Israel. Ginawaran ng Pagpapahalaga ng Crystal Forum ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, na nananalangin para sa kanila nang may pagmamahal, at si Pastora Soojin Lee, ang tagapagsalita sa kumperensya.

Ipinaliwanag ni Pastora Soojin Lee sa mensahe niyang pinamagatang "Faith," ang tungkol sa makalaman at espirituwal na pananampalataya. Binigyang-diin niya na ang pananampalatayang hindi nagbabago kahit ano pa ang mangyari ay espirituwal na pananampalataya.

Nanguna rin siya sa pagkanta ng mga papuri tulad ng "Jesus" na dumadakila sa pangalan ng Panginoon. Idinalangin niya ang mga may sakit gamit ang makapangyarihang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Marami sa kanila ang nakakita, nawala ang sakit sa likod, tuhod, at mga binti. Nagamot ang kanser ng iba at ang iba naman ay nakapaglakad nang walang saklay. Niluwalhati nila ang Diyos sa mga patotoo nila tungkol sa paggaling. Si Maites (39 taong babae) na nahihirapang huminga dahil sa sakit sa puso ay gumaling. Si Yakir (33 taong lalaki) ay nakalakad mag-isa. Gumaling siya sa karamdaman niya sa kalamnan mula pa noong pagkabata.

Sinabi ni Pastor Daniel Rozen, Pangulo ng Crystal Forum, "Maraming tao ang tumanggap sa Panginoon sa pagtitipong ito at naunawaan nila ang ipinapahayag ng Diyos para sa Israel."

Noong Setyembre 14, 2012, isang araw bago ang kumperensya, nagturo si Pastora Soojin Lee sa mga pastor sa isang seminar na ginawa sa Ashdod Manmin Church. Dinaluhan ito ng humigit-kumulang 150 tao mula sa Israel, Russia, Ukraine, China, France, at Côte d'Ivoire. Nangaral si Pastora Lee ng mensaheng may pamagat na "Flesh and Spirit" (Laman at Espiritu) at nanguna sa papuri at panalangin. Dahil dito, nagsisi at nagdesisyong mas magiging matatag sa pananampalataya ang mga pastor na dumalo. Sinabi nila na maaari na nilang suriin ang pananampalataya nila at natutunan na nila ang kahalagahan ng pagpapabanal. Humingi sila ng payo kay Pastora Lee at agad nilang isinama ang iglesya nila sa listahan ng mga sangay at katuwang na iglesya ng Manmin. Nagpasalamat nang taos-puso ang mga pastor na taga-Bethlehem kay Dr. Jaerock Lee dahil nagagawa nila nang mabuti ang ministeryo nila kahit mahirap ang situwasyon dahil sa panalangin niya.

Pagkatapos ng seminar, sumunod ang krusada ng pagkakaisa ng mga iglesya sa Israel. Ipinaliwanag ni Pastora Lee ang talinghaga ng "Sampung Mina" (Lucas 19:11-27). Sa mensahe, hinimok niya ang kongregasyon na magmadali sa pagpapabanal sa tulong ng Banal na Espiritu. Tularan sana nila ang mabuting alipin sa talinghaga na tumubo ng sampung mina ang isang mina. Idinalangin din niya ang mga may sakit gamit ang makapangyarihang panyo. Dahil sa panalangin, gumaling ang rayumang 10 taon nang pinagdudusahan ni Svetlana (74, babae). Luminaw ang mga mata ni Lily (55, babae) at nakakapagbasa na siya nang walang salamin sa mata. Bukod sa mga ito, marami pang nagluwalhati sa Diyos sa mga patotoo nila ng paggaling.

# Puspos ng Mabubuting Gawa at ng Pagkakawanggawa

"Noon ay may isang alagad sa Joppa na ang pangalan ay Tabita, (sa Griyego ay Dorcas). Siya'y puspos sa mabubuting gawa at pagkakawanggawa. Nang mga araw na iyon, siya'y nagkasakit at namatay. Nang siya'y mahugasan na nila, kanilang ibinurol siya sa isang silid sa itaas... Pinalabas silang lahat ni Pedro, at pagkatapos ay lumuhod at nanalangin siya. Bumaling siya sa bangkay at kanyang sinabi, 'Tabita, bumangon ka'. Iminulat niya ang kanyang mga mata, at nang makita niya si Pedro ay naupo siya."
(Ang Mga Gawa 9:36-37, 40)

Si Rockefeller, na binansagang 'hari ng langis', ay sinabihan na isang taon na lang at mamamatay na siya dahil sa kanser sa edad na 54. Pinayuhan siya ng ina niya, na isang tapat na Cristiano, na ipamigay ang lahat ng mga ari-arian niya sa mga mahihirap at mabuhay bilang isang pilantropo. Sumunod siya sa ina at walang panghihinayang na ibinigay ang lahat sa mahihirap, naging masaya pa siya. Pagkatapos, bumalik ang kalusugan niya at umabot pa hanggang 98.

Isa sa mga tauhan sa Biblia ang alagad na si Tabita. Marami siyang mabubuting gawa at mga kawanggawa. Kinalugdan siya ng Diyos at biniyayaan siya na muling mabuhay. Anong klaseng mga gawa ang ipinakita niya para maranasan niya ang isang kamangha-manghang himala ng Diyos?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Muling binuhay si Tabita dahil sa mabubuting gawa at pagkakawanggawa

Si Tabita, na tinawag ding Dorcas, ay tumira sa Joppa, isang lungsod na malapit sa dagat. Noong panahong iyon, may matinding pag-uusig sa mga iglesya at mga mananampalataya sa Jerusalem. Dahil dito, nagkahiwa-hiwalay sa kung saan-saang lugar ang mga mananampalataya. Ang iba sa kanila ay napadpad sa Joppa kaya naging lugar ito para sa mga Cristiano.

Dahil sa situwasyon noon, hindi madali para sa mga tao ang sumampalataya. Marami sa kanila ang nabugbog at napreso dahil sila ay Cristiano. Ang ilan ay binato habang nangangaral ng ebanghelyo hanggang sa mamatay gaya ni Diakono Esteban. Ang iba naman ay pinatalsik mula sa sinagoga. Ang mga nananampalataya kay Jesu-Cristo ay itinakwil ng mga Judio at tinanggalan ng kalayaan dahil ang Israel ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Imperyo Romano.

Kadalasan, hindi madaling panatilihin ang pananampalataya sa napakahirap na situwasyon. Pero, kahit babae si Tabita, masigasig niyang ipinangaral ang ebanghelyo at nagpatuloy sa paggawa ng mabuti. Hindi niya ipinagdamot ang buhay niya. Tumulong siya sa mga balo, sa mahihirap, at sa mga pinabayaan sa paggawa niya ng kabutihan at pagkakawanggawa.

Isang araw, namatay si Tabita dahil sa karamdaman. Hiniling sa Diyos ng mga natulungan niya na muli siyang buhayin. Naniwala sila na kayang buhayin ng Diyos na Pinakamakapangyarihan kahit ang mga namatay na. Tamang-tama naman, nabalitaan nilang nasa malapit na lugar lang si apostol Pedro, na nagpakita ng kapangyarihan ng Diyos. Kaya, ipinatawag nila ito.

Nang dumating si Pedro sa Joppa, nag-iyakan ang mga balo. Ipinakita nila ang mga balabal at mga damit na ginawa ni Tabita para sa kanila. Taos-puso ang kabutihan ni Tabita kaya mahal na mahal siya ng maraming tao.

May mga maaaring magtanong, "Tapat na naglingkod si Tabita sa Diyos at naging mabuti. Bakit kaya namatay siya dahil sa sakit?" Natural lang na kung sumusunod tayo sa Salita ng Diyos, hindi tayo magkakasakit gaya ng nakasulat sa Exodo 15:26. Pero kung hindi ninyo aalagaan ang kalusugan ninyo, hindi kayo mapoprotektahan ng Diyos dahil mali ang ginagawa ninyo sa paningin Niya.

Hindi maayos ang pagkain at pagtulog ni Tabita para matulungan lang ang mga balo kaya nanghina siya at nagkasakit. Pero, maliwanag na ipinakita ng Diyos kung gaano Siya natuwa sa kabutihan at pagkakawanggawa ni Tabita kaya binuhay Niya itong muli.

### 2. Mabubuting gawa na nakakalugod sa Diyos

Marami pang ibang paraan sa paggawa ng kabutihan bukod sa pagkakawanggawa. Pwede ninyong idalangin ang iglesya at ang mga miyembro at mga pastor. Isa ring mabuting gawa ang pangangaral ng ebanghelyo nang may pagmamahal para sa mga kaluluwa. Maaari ka ring magboluntaryo sa mga gawain ng Diyos nang may pasasalamat sa mga pagpapala Niya.

Sa 1 Mga Taga-Corinto 3:16-17, isang mahalagang mabuting gawa ang pagtatayo ng templo kung saan maninirahan ang Espiritu ng Diyos. Ang templong binabanggit dito ay ang mga puso natin, hindi ang templong nakikita. Nasisiyahan ang Diyos kapag pinapabanal natin ang templong ito.

Halimbawa, nagbigay tayo ng mga bus bilang handog, makakatulong ito sa paghahatid-sundo ng mga miyembro ng iglesya, may kaugnayan din ito sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Kung maghahandog din kayo ng piano o pulpito na kinakailangan para sa santuwaryo ng Diyos, naluluwalhati at nalulugod ang Diyos dito. Sa madaling salita, kapag nalulugod ang Diyos sa atin, ibibigay Niya ang mga minimithi ng puso natin (Mga Awit 37:4).

### 3. Ang tamang paraan ng paglilimos

Sinasabi sa Mateo 6:3-4, "Ngunit kapag ikaw ay naglilimos, huwag mong hayaang malaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay, upang maging lihim ang iyong paglilimos; at ang iyong ama na nakakakita ng mga lihim ay gagantimpalaan ka." Dapat maglimos ka nang may tunay na pagmamahal at hindi lang basta awa. Mas mabuti pa kung ilihim na lang ang pagtulong na pati ang tinulungan ay hindi malalaman kung sino ang tumulong sa kanila.

Dapat nating mabatid ang malinaw na paggabay ng Banal na Espiritu sa paglilimos. Sinasabi sa Galacia 6:10, "Kaya't habang may pagkakataon, gumawa tayo ng mabuti sa lahat, lalung-lalo na sa mga kabilang sa sambahayan ng pananampalataya," kaya dapat nating tulungan ang mga kasama natin sa pananampalataya.

Sinasabi sa 2 Mga Taga-Tesalonica 3:10, "Kung ang sinuman ay ayaw magtrabaho ay huwag din namang kumain." Huwag nating tulungan ang mga ayaw magtrabaho kahit malusog naman sila at kayang suportahan ang sarili nila.

Kung tutulungan ninyo ang mga taong dumadaan sa pagsubok dahil lumaban sila sa kalooban ng Diyos, baka pati ikaw dumanas ng kahirapan. Sa ganitong situwasyon, dapat ninyo silang tulungan para makita nila ang mga maling ginagawa, para talikuran nila ang mga kasalanan, at mamuhay ng tamang buhay Cristiano.

Samakatwid, unahin natin ang pagtulong sa mga nagsisikap makaahon sa kahirapan sa pamamagitan ng pananampalataya. Ibig sabihin, tulungan natin ang mga taong hindi kayang mamuhay nang mag-isa tulad ng mga biktima ng aksidente, mga mahihina, mga ulila, mga balo, at mga estudyante na walang mapagkukunan ng suporta sa pag-aaral. Pagkatapos nito, pwede na kayong tumulong sa iba pa.

### 4. Ibinigay ang biyaya bilang gantimpala sa kabutihan at pagkakawanggawa

Binigyang lugod ni Tabita ang Diyos sa pagpapakita niya ng umaapaw na kabaitan at kabutihang hindi nagbabago. Mababasa sa Ang Mga gawa 9:40, "Pinalabas silang lahat ni Pedro, at pagkatapos ay lumuhod at nanalangin siya. Bumaling siya sa bangkay at kanyang sinabi, 'Tabita, bumangon ka'. Iminulat niya ang kanyang mga mata, at nang makita niya si Pedro ay naupo siya."

Dahil nagalak ang Diyos sa mga kabutihang ginawa ni Tabita, naranasan nito ang kamangha-manghang pagkilos Niya. Iniabot ni Pedro ang mga kamay niya, itinayo si Tabita at iniharap na may buhay sa mga miyembro ng iglesya at sa mga balo. Kumalat ang balitang ito sa Joppa kaya marami ang naniwala sa Panginoon.

Sa Ang Mga Gawa 10, si Cornelio ay may takot din sa Diyos at marami siyang nagawang mga kabutihan at pagkakawanggawa. Kahit na Hentil siya, naalala siya ng Diyos. Dahil dito, tinanggap niya ang Banal na Espiritu at naligtas siya, ang pamilya niya at ang mga kaibigan niya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinasabi sa Mateo 10:42, "At sinumang magbigay ng kahit isang basong tubig na malamig sa isa sa maliliit na ito sa pangalan ng isang alagad, katotohanang sinasabi ko sa inyo, tiyak na hindi siya mawawalan ng kanyang gantimpala." Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na ilabas nawa ninyo ang samyo ni Cristo sa pangangalaga ninyo sa mga kapatid sa paligid ninyo at maging maligaya kayo sa paggawa ng kabutihan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pinakamalaking Santuwaryo – Simbolo ng Bagong Jerusalem

Itinatag ng Diyos ang Manmin Central Church, at nagbigay Siya ng pangitain (vision) sa pagtatayo ng Pinakamalaking Santuwaryo para maipanalangin ito ng mga miyembro. Ang Pinakamalaking Santuwaryo ay lugar kung saan magtitipun-tipon at sasamba ang lahat ng tao sa lahat ng bansa sa Diyos na lumikha at namamahala sa buong sansinukob at sa lahat ng bagay. Karapat-dapat Siyang sambahin at purihin magpakailanman. Ang pangalang Pinakamalaking Santuwaryo ay hindi lang tumutukoy sa laki nito na magkakasya ang napakaraming taong sasamba. Tinutukoy din nito ang pinakamahusay at pinakamagandang santuwaryo na nakalulugod sa Diyos. Sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng Manmin, alalahanin natin ang kalooban ng Diyos sa pagtatayo ng Pinakamalaking Santuwaryo – ang pangitain ng Manmin at ang lawak nito.

### Pinakamalaking Santuwaryo – kahanga-hangang gusali, simbolo ng tagumpay sa pangangalaga ng Diyos sa sangkatauhan

Sinasabi sa atin ng Biblia na makakapagtayo si Solomon ng templo ng Diyos dahil ang ama niyang si Haring David ay sumunod sa kalooban Niya. Mahal na mahal ni David ang Diyos, kaya gusto niyang maghandog ng templo sa Kanya. Gumamit siya ng pinakamahusay na mga materyales para dito. Kumuha pa siya mula sa ibang bansa. Ibig sabihin, pinaghandaan niya talaga ang pagtatayo nito. Pero hindi pumayag ang Diyos na siya ang magtayo nito dahil marami siyang napatay sa mga digmaan. Sa halip, niloob ng Diyos na maitayo ang templo sa panahon ni Haring Solomon.

Isipin natin kung sino ang mga karapat-dapat na magtayo ng Pinakamalaking Santuwaryo na sumisimbolo sa pagtatapos ng pangangalaga sa sangkatauhan sa mga huling araw. Ang pwedeng magtayo ay ang mga banal na anak ng Diyos – nananahan ang Diyos sa puso nila at mayroon silang perpektong pananampalataya. Samakatwid, ang "Pinakamalaking Santuwaryo" ay simbolo ng tagumpay ng Diyos at nagbibigay ito ng kaaliwan sa Kanya. Nangangahulugang sinisimulan na ng hindi mabilang na mga karapat-dapat na anak Niya ang pagtatayo ng Pinakamalaking Santuwaryo.

### Labindalawang Malalaking Haligi–simbolo ng labindalawang mahahalagang bato ng pader ng Bagong Jerusalem

Ang Pinakamalaking Santuwaryo ay napapalibutan ng labindalawang malalaking haligi. Sa pagitan nila ay mayroong pitong mas maliliit na haligi. Kaya, siyamnapu't anim lahat ang mga haligi. Ang labindalawang malalaking haligi ay kulay gatas, malinaw, at napakagandang marmol. May disenyong bulaklak na nakapalibot sa bandang itaas nito. May limang talulot ang ang mga bulaklak na may mga mamahaling bato na simbolo ng labindalawang pundasyon ng Bagong Jerusalem na nakasulat sa Apocalipsis 21:19-20. Kapag inilawan, nagniningning at makulay ang mga mamahaling bato. Nagpapasaya ang mala-langit na kagandahan sa mga tao.

### Pitong maliliit na haligi na may naka-ukit na disenyo – simbolo ng paglikha ng Diyos

Ipinapakita ng pitong mas maliliit na haligi sa pagitan ng dalawang malalaking haligi na matatapos ang pangangalaga ng Diyos sa sangkatauhan sa pagtatayo ng Pinakamalaking Santuwaryo. Makikita sa unang haligi ang unang araw ng paglikha ng Diyos. Para maipakita ang sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," nilagyan ito ng ilaw na mayroong mala-bahagharing liwanag kahit sa kadiliman.

Ang pangalawa ay mayroong dekorasyon at mga imahe na ipinapakita ang pangalawang araw ng paglikha: isang kalawakan, nakabukod ang tubig na nasa ilalim sa tubig na nasa itaas. Ganito rin ang pangatlo hanggang sa pang-anim na haligi. Ipinapakita ng mga ito ang paglikha ng Diyos sa bawat araw sa mga inukit na disenyo.

Sa pangatlo, makikita ang magagandang disenyo ng halaman gaya ng puno ng ubas at iba pang bunga. Sa pang-apat, naroon ang araw, buwan, at mga bituin. Sa panlima, iba't ibang uri ng isda at ibon gaya ng kalapati. Sa pang-anim, mga buhay na nilalang tulad ng mga baka, tupa at imahe ni Adan at Eva.

Ang mga inukit na disenyo sa bawat haligi ay ayon sa pagkakasunod-sunod ng araw ng paglikha. Ipinadama nito sa mga tao na maganda, mahiwaga, at malalim ang lahat ng nilikha ng Diyos.

Ipinapahayag ng pampitong haligi ang kalooban ng Diyos na nagpahinga pagkatapos ng paglikha ng langit at lupa at ng lahat ng mga bagay na narito. Siyempre, hindi natin maipapaliwanag ang kaluwalhatian at kagandahan ng banal na Diyos sa mga materyal na bagay dito sa lupa. Pero ginagamit ang purong ginto at lahat ng klase ng hiyas para mailarawan ito.

At para maipakita ang kapangyarihang ibinigay ng Diyos, mayroon din itong pula, asul, puti, at gintong ilaw. Sa bandang itaas ng mga ilaw, ipinapahiwatig ang liwanag ng kaluwalhatian at ang orihinal na liwanag ng paglikha. Nakakadagdag sa ganda ng mga disenyo at imahe ang malikhaing pagkakalagay ng ilaw sa buong haligi.

### Labindalawang pintuan – nagpapaalaala ng labindalawang pintuang perlas sa Bagong Jerusalem

Ang Pinakamalaking Santuwaryo ay mayroong labindalawang napakalalaking pintuan sa pagitan ng labindalawang malalaking haligi. Bawat pintuan ay may dalawang pinto na nabubuksan sa magkabilang tabi. Katabi ng dalawang pinto, may tigalawang nililok na mga anghel. Nagpapaalaala ito sa atin ng mga anghel na nagbabantay sa perlas na pintuan ng Bagong Jerusalem na nakasulat sa Apocalipsis 21:12-13. Ang mga pader sa pagitan ng mga pintuan ay may mga talata ng Biblia tungkol sa Bagong Jerusalem para mabasa ng mga mananampalataya. Makakatulong ito para magkaroon sila ng ganap na pag-asa para sa Bagong Jerusalem.

### Isang napakalaking hugis-itlog na gusali na 600 dyametro ang sukat na may hugis-krus na bubong na awtomatikong bumubukas

Ang Pinakamalaking Santuwaryo ay isang hugis-itlog na gusali. Anim na raang dyametro ang sukat ng santuwaryo, at ang layo ng dalawang malalaking haligi sa isa't isa ay 600 metro, Ang ilalim (basement) nito ay 20 metro at ang taas ay 40 metro. Kung susumahin, 60 metro ang taas ng gusali. Sa ibabaw at gitna ng santuwaryo ay may krus na 10 metro ang taas. Ang kabuuang taas ng Pinakamalaking Santuwaryo ay 70 metro. Awtomatikong bumubukas ang hugis-krus na bubong nito.

### Ipinapakita ng Pinakamalaking Santuwaryo ang kaluwalhatian ng Diyos sa pisikal na kalawakan

Ang Diyos ang nagplano ng pangangalaga sa sangkatauhan at nilikha Niya ang langit, lupa at ang lahat ng mga bagay na narito. Ipapakita Niya ang kaluwalhatian Niya sa pagpapatayo ng Pinakamalaking Santuwaryo. Ang mga anak na naging Kanya sa pamamagitan ng luha, sakripisyo, at pagtitiis, ang magtatatag nito sa panghuling bahagi ng pangangalaga ng sangkatauhan. Ipapahayag sa santuwaryo ang mensahe tungkol sa kaligtasan na batay sa kalooban ng Diyos at ipapakita ang makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu para makita ang mga patunay na ang Diyos ay buhay.

Pupunta sa Santuwaryo ang mga Cristiano at hindi Cristiano, maghahangad sila ng kapangyarihan ng Diyos. Mauunawaan nila doon ang kalooban ng Diyos sa paglikha at luluwalhatiin at pupurihin nila ang Diyos. At ibobrodkast sa buong mundo ang mga kaganapan doon, kaya malaki ang magiging bahagi ng Santuwaryo sa pandaigdigang pagmimisyon.

Ipapakita ng Pinakamalaking Santuwaryo ang kaluwalhatian ng Diyos dito sa lupa. Hindi hihinto sa pagsulong ang Manmin patungo sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo gaya ng nakasulat sa Efeso 4:13. At patuloy ding taimtim na mananalangin para matupad ang kalooban ng Diyos. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos Ama na nagbigay sa atin ng ganito kadakilang pangitain.



# "Why Is Jesus Our Only Savior?"
# *The Message of the Cross* sa Iba't ibang Wika
# Ang Diwa ng Ebanghelyo

Dahil sa mga libro ni Dr. Jaerock Lee, naunawaan ng napakaraming pastor at mananampalataya ang pag-ibig ng Panginoon at naranasan nila ang pagbabago sa tulong ng Banal na Espiritu.

Ganito ang sinasabi ng ilan tungkol sa *The Message of the Cross*: "Nadama ko ang hindi nagbabagong katiyakan sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo"; "Batay sa Biblia ang buong libro"; "Nakakatulong ang libro sa pagbabago ng mga bansa at buhay ng mga tao. May naiiambag ito sa paglago ng mga iglesya sa mundo"; at "Nadama ko ang presensya ng Espiritu".

Inipon at nilimbag ang mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa napakaraming libro. Ang mga ito ay punong-puno ng buhay at pagpapakita ng mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Ang pagsisikap na ito ay naging daan para mailathala ang 80 libro sa wikang Koreano, at 44 dito ay naisalin na sa 74 wika. Lahat-lahat, mayroon nang 875 librong nailathala sa 44 wika. Kasama na dito ang 218 libro sa 36 wika na makikita sa internet (e-books).

Bago magbukas ang iglesya, hindi mabilang na pag-aayuno at maalab na pananalangin sa Diyos ang ginawa ni Punong Pastor Jaerock Lee para maliwanagan nang husto tungkol sa 66 libro ng Biblia. Ito'y dahil ang puso at kalooban ng Diyos sa Biblia ay maipapaliwanag lang nang tama kung may inspirasyon ng Banal na Espiritu. Ang napakahalagang mga mensahe na natanggap niya sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu ay gumising sa maraming kaluluwa sa buong mundo.

Dapat talagang basahin ang *The Message of the Cross* dahil nandito ang pinakamahalagang mensahe para sa mga Cristiano. Nakasulat dito ang mga hindi maaaring pabulaanan na mga paliwanag tungkol sa ipinagkaloob na kaligtasan sa pamamagitan ng krus. Nandito din ang mga sagot sa mga pangunahing tanong ng bawat Cristiano tulad ng 'Bakit si Jesus ang tanging Tagapagligtas natin?' at 'Bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden?'


Kung nauunawaan ninyo kung bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden, marami kayong matututunan at mauunawaan tungkol sa pangangalaga sa sangkatauhan. Wala kayong magagawa kundi mas mahalin pa ang Diyos. Kapag maliwanag ninyong natanto ang kalooban Niya para sa kaligtasan, mamamangha kayo sa pag-ibig at karunungan ng Diyos.


Sumulat si Dr. Richard Blake na taga-Estados Unidos ng review o paglilimi tungkol sa libro sa Amazon.com (pangunahing tindahan ng libro sa internet), "Binibigyan ng *The Message of the Cross* ang mga mambabasa ng saligan sa pananampalataya sa pagtulong nito sa kanila na maunawaan ang hindi masukat na kalooban at pag-ibig ng Diyos." Nailimbag na ang librong ito sa 38 wika, at sa kasalukuyan, naisalin na ito sa 28 pang mga wika.

Ang ministeryo ng paglalathala ay sinimulan sa libro na patotoo ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life Before Death* noong Abril 1987. Mula noon, inipon na niya ang mga sermon niya at sumulat siya ng mga libro. Kasama dito ang *The Message of the Cross; The Measure of Faith; Heaven I & II; Hell; Spirit, Soul, and Body I & II; Love is the Fulfillment of the Law; Seven Churches; Keys to Studying Well; Wisdom; Lectures on 1 Corinthians I & II; The Footsteps of the Lord I & II;* at *Man of Flesh, Man of Spirit I & II*, at ilang mga naipong artikulo, dose-dosenang libro na makakatulong sa mga estudyante at mga bata sa pag-aaral nila ng Biblia. Mayroon ding mga libro tungkol sa patotoo ng mga mananampalataya, at may pang-Cristianong sanaysay na isinaayos at nilimbag sa paraang ang lahat – bata, estudyante, kabataan, mga may edad – ay matututo at maisasabuhay ang ebanghelyo ng kabanalan.

Dalawampu't dalawang tagapaglathala sa buong mundo ang naglalathala na ngayon ng mga libro ni Dr. Lee, kasama dito ang Creation House ng Strang Communications sa Estados Unidos; Destiny Image of Europe, Italy; Grace Publishing House, Taiwan; Baruch Publishing Company, Ukraine; Andi Publisher, Indonesia; Guardian Books of Essence Publishing House, Canada; Freedom Publishing House, Egypt; Word of Christ Publishing House, India; at Malaysia Manmin Publisher. Mabibili ang mga libro sa lahat ng anim na kontinente sa mga tindahan ng libro at Amazon.com, Estados Unidos; flipkart.com, India; New & Best, Ukraine; Techmahn, Singapore; at Antoine, Lebanon.

Ang mga e-books sa wikang Koreano ay nasa internet website ng Kyobo Bookstore, Interpark, Youngpoong Bookstore, Yes24, Aladdin, at iBookstore. Ang mga libro sa iba't ibang wika ay nasa website ng Amazon.com, iBookstore, at Kyobo Bookstore (sa wikang Ingles, Intsik, at Hapon). Ang mga e-books ni Dr. Lee ay nasa Amazon.com din. Kasama dito ang *Hell, The Message of the Cross*, at ang *My Life My Faith I & II* na mababasa hindi lang sa wikang Ingles kundi mayroon din sa wikang Frances, Kastila, Portuguese, German, at Italian.


Ang librong *The Message of the Cross*, na nagdadala sa mga kaluluwa sa buong mundo sa daan ng kaligtasan ay mabibili sa 38 wika.




GCN
GLOBAL • CHRISTIAN • NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com